WORKSHEET 1.3

AP 3

FIRST QUARTER

Grade & Section:		
Topic(s):	**MGA KATANGIANG HEOGRAPIKAL NG REHIYON**	SCORE

A. Tukuyin ang anyong-lupang angkop sa mga sitwasyon. Bilugan ang titik ng tamang sagot:

1. Si Mang Daniel ay isang magsasaka ng palay sa lalawigan ng Bulacan. Malawak ang lupang kanyang sinasaka. Nakapagtapos na rin niya ang kanyang mga anak sa kolehiyo. Sa anong anyong-lupa kaya nagtatanim ng palay at nakapag-aani nang masagana si Mang Daniel?

a. talampas b. pulo c. kapatagan

2. Sina Anna ay nakatira sa lalawigan ng Cavite. Madalas silang mamasyal sa isa sa mga lungsod ditto, ang Tagaytay. Bukod sa malamig na klima, ang binabalik-balikan nila ay ang magandang bulkang matatanaw mula sa gilid ng daan. Anong bulkan ang makikita mula sa lungsod ng Tagaytay na tinatawag ding pinakamaliit na bulkan sa buong mundo?

a. Bulkang Mayon b. Bulkang Taal c. Bulkang Pinatubo

3. Ang pamilya nina Rian ay nakatira sa lalawigan ng Aklan. Mayroon silang souvenir shop sa Boracay kaya't sa mga araw na walang pasok ay tumutulong sa pagtitinda si Rian. Sa anong anyong-lupa nakatira si Rian at ang kanyang lola?

a. pulo b. burol c. bundok

4. Dumalaw sina Joan sa CAR o Cordillera Administrative Region. Isang talampas na sikat dahil sa malamig na klima, strawberries at libangang pagsakay sa kabayo ang dinayo nila sa rehiyon. Saan sila nagpunta?

a. sa lungsod ng Zamboanga

b. sa lungsod ng Baguio

c. sa lungsod ng Quezon

5. Noong Oktubre 15, 2013 ay nakaranas ng magnitude 7.2 na lindol ang Bohol. Nagdulot ito ng malaking pinsala sa lalawigan ngunit madali itong nakabawi dahil sa taglay na ganda ng lugar lalo na kung ang kilalang anyong-lupang kulay berde sa tag-ulan na nagiging kulay tsokolate kapag tag-araw. Anong anyong-lupa ito?

a. Chocolate Mountain

b. Chocolate Valley

c. Chocolate Hills

LIVEWORKSHEETS

B. Kilalanin kung anong anyong-tubig ang angkop sa sumusunod na mga sitwasyon. Hanapin ang sagot mula sa kahon at isulta ito sa linya bago ang bilang.

look	bukal	golpo	lawa	ilog	talon

_____1. Nagbakasyon si Miriam sa kanyang mga pinsan sa probinsiya. Masaya silang naligo ng kanyang mga pinsan sa isang anyong-tubig na nanggagaling sa itaas at bumabagsak pababa. Anong anyong-tubig ang pinuntahan nina Miriam?

_____2. Tuwing dumadalaw si Rafael at kanyang lola sa Laguna ay pumupunta sila sa isang resort kung saan ang tubig ay mainit at nanggagaling sa ilalim ng bundok. Gusto ng lola ni Rafael ang mainit na tubig nito dahil nakabubuti raw ito sa kanyang rayuma. Anong anyong-tubig ang pinuntahan nila?

_____3. Malapit ang bahay ni Lloyd sa isang anyong-tubig kung saan dumaraan ang maliliit na bangkang ginagamitan ng sagwan. Mahaba at paliko-liko ang agos nitong humahantong sa dagat. Anong anyong-tubig ang malapit kina Lloyd?

_____4. Nang mamasyal si Dianne sa Maynila ay dinala siya ng kanyang pinsan sa gilid ng anyong-tubig kung saan sila nakapagjo-jogging sa umaga at nagmamasid sa paglubog ng araw sa dapithapon. Napansin ni Dianne na may mga yate at mga barkong dumadaong dito. Sa anong anyong-tubig nagpunta sina Dianne?

_____5. Sa lalawigan ng Laguna matatagpuan ang anyong-tubig kung saan maraming palaisdaan o baklad ni Mang Kardo. Dito siya nakapagpaparami ng isdang ipinagbibili niya sa pamilihan. Sa anyong-tubig na ito sila'y namamangka para makapunta sa mga kalupaang nakapaligid dito. Anong anyong-tubig ito?

LIVEWORKSHEETS